## Mga Karagdagang Bagay na Isaalang-alang na Idagdag sa isang Emergency Supply Kit:

- ❑ **Mga iniresetang gamot at salamin sa mata**
- ❑ **Gatas para sa sanggol at mga lampin**
- ❑ **Pagkain at karagdagang tubig para sa iyong alagang hayop**
- ❑ **Mga mahalagang dokumento ng pamilya tulad ng mga kopya ng mga polisa ng seguro, pagkakakilanlan at mga rekord ng account sa bangko sa isang hindi nababasa at madaling mabibit na lalagyan**
- ❑ **Pera o mga traveler's check at barya**
- ❑ **Mga materyal na sanggunian para sa emergency tulad ng libro sa first aid o impormasyon mula sa www.ready.gov**
- ❑ **Sleeping bag o tulugan o mainit-init na kumot para sa bawat tao. Pag-isipan ang karagdaganghigaan kung nakatira sa malamig na klima.**
- ❑ **Kumpletong bihisan kasama na ang may mahabang manggas na pantaas, mahabang pantalon at matibay na sapatos. Pag-isipan ang karagdagang damit kung ikaw ay nakatira samalamig na klima.**
- ❑ **Household chlorine bleach at medicine dropper** – Kapag inihalo sa siyam na bahagi ng tubig sa isang bahagi ng bleach, ang bleach ay maaaring gamitin bilang pamatay-mikrobyo. O kap ag may emergency, magagamit mo itong upang linisin ang tubig sa pamamagitan ng paggamit ng 16 na patak ng regular na household liquid bleach sa bawat galon ng tubig. Huwag gumamit ng may halimuyak, "color safe" o mga bleach na may pandagdag na panlinis.
- ❑ **Fire Extinguisher**
- ❑ **Posporo sa hindi nababasang lalagyan**
- ❑ **Mga gamit pambabae at mga personal na bagay na panlinis**
- ❑ **Mga mess kits, paper cups, pinggan at mga plastik na kubyertos, paper towels**
- ❑ **Papel at lapis**
- ❑ **Mga libro, laruan, palaisipan o iba pang mga gawain para sa mga bata**

Ready

Prepare. Plan. Stay Informed.®



# Emergency Supply List

FEMA

www.ready.gov

# Mga Inirerekomedang Bagay na Isasama sa isang Basic Emergency Supply Kit:

- [ ] Tubig, isang galon na tubig bawat tao sa bawat araw na hindi bababa ng tatlong araw, para sa inumin at sanitasyon
- [ ] Pagkain, na hindi bababa sa tatlong araw na supply ng hindi nasisirang pagkain
- [ ] Pinaaandar ng baterya o hand crank na radyo at isang NOAA Weather Radio na mayalaramang tono at dagdag na mga baterya para sa
- [ ] Flashlight at dagdag na mga baterya
- [ ] First aid kit
- [ ] Sumipol upang sumenyas ng tulong
- [ ] Ang takip laban sa alikabok, upang makatulong sa pagsala ng may mikrobyong hangin at plastik na piraso at duct tape para sa pagsilong sa kinaroroonan
- [ ] Mamasa-masang bimpo, basurahang bag at mga pantali na plastik para sa personal na paglilinis
- [ ] Liyabe o plaes upang isara ang mga utilidad
- [ ] Pambukas ng lata para sa pagkain (kung may laman na de-latang pagkain ang kit)
- [ ] Lokal na mga mapa

**Sa pamamagitan ng kanyang *Ready* Campaign,** ang U.S. Department of Homeland Security ay natuturo at binibigyang kakayahan ang mga Amerikano para makapagsagawa ng mga simpleng hakbang upang maghanda para sa at tumugon sa mga posibleng emergency, kasama na ang mga sakuna na sanhi ng kalikasan at mga pag-atake ng terorista. Ang Ready ay hinihiling sa mga indibidwal na gawin ang tatlong mahalagang bagay: bumili ng isang emergency supply kit, gumawa ng plano para sa pamilya para sa emergency, at magkaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa iba't ibang uri ng mga emergency na maaaring maganap at nararapat na pagtugon sa mga ito.

Ang lahat ng mga Amerikano ay dapat na may mga pangunahing supply na pang-tatlong araw upang manatiling buhay kung may magaganap na emergency. Ang sumusunod ay listahan ng mga ilang pangunahing bagay na dapat maisama sa bawat emergency supply kit. Gayunpaman, mahalaga na ang mga indibidwal ay magrepaso ng listahan na ito at isaalang-alang kung saan sila nakatira at ang mga natatanging pangangailangan ng kanilang pamilya upang makabuo ng emergency supply kit na makakatugon sa mga pangangailangang ito. Dapat din isaalang-alang ng mga indibidwal ang pagkakaroon ng hindi bababa sa dalawang emergency supply kit, isang buong kit sa bahay at mas maliit na madaling madala na kit sa kanilang lugar na pinagtatrabahuhan, sasakyan o iba pang lugar pinamamalagian nila.

Ready. FEMA

**Federal Emergency Management Agency**
Washington, DC 20472